



## INILABAS NA BALITA

**ILALABAS KAAGAD:** Disyembre 10, 2018

**MAKIPAG-UGNAYAN KAY:** Ralph Borrmann - 415.749.4900

### **Pagbubukas ng programa ng gawad ng paaralan ng Air District para suportahan ang edukasyon sa klima at kalidad ng hangin**

*Bukas na ngayon ang pagtawag sa mga bagong panukala*

**SAN FRANCISCO** – Ang Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area (Bay Area Air Quality Management District) ay naghahadog ng mga gawad ng hanggang \$2500 sa mga publikong K-12 na guro sa paaralan pati na mga namumunong mag-aaral at magulang para madagdagan ang pag-unawa sa kalidad ng hangin at mga isyu sa klima sa mga komunida ng paaralan.

Ang mga gawad na ito ay magsisilbi rin para hikayatin ang pakikipagtulungan pagsososyo sa pagitan ng Air District at mga komunidad na paaralan na nakatuon sa pagbabawas ng pagpaparumi sa hangin, sa relasyon sa pagitan ng kalidad ng hangin at pampublikong kalusugan, at epekto ng pagpaparumi sa hangin sa pandaigdigang klima.

“Ang kamakailang Camp Fire ay dramatikong demonstrasyon kung paano tayong makabuluhang maaapektuhan ng pagbabago ng klima at pagpaparumi sa hangin sa ating mga pang-araw-araw na buhay sa tahanan, trabaho o paaralan,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang mga gawad ng ating silid-aralan ay magpaparami sa pag-unawa at pagkamausisa ng mga mag-aaral sa Bay Area sa mga epekto ng pagpaparumi sa hangin sa ating klima at ating kalusugan.”

Maaaring kasama sa mga halimbawa ng mga nararapat na aktibidad ang, ngunit hindi limitado sa:

- Guro, magulang o pinangungunahan ng mag-aaral na kaugnay ng kalidad ng hangin na mga proyekto sa mga lugar ng paaralan.
- Paggawa ng plano sa pagiging handa sa emergency sa pagpaparumi sa hangin
- Suportang pinansiyal para sa mga aktibidad ng paaralan sa S.T.E.M. na kaugnay ng kalidad ng hangin at pagbabago ng klima
- Kampanyang Idle Free Bay Area sa mga lugar ng paaralan
- Suports para sa mga science fair ng kalidad ng hangin
- Mga poster contest at paglikha ng kalendaryo na ang tema ay kalidad ng hangin
- Mga panturong materyales tulad ng mga libro, video at kagamitang kaugnay ng edukasyon sa kalidad ng hangin
- Mga proyekto ng paaralan sa pagtanim ng puno
- Propesyonal na development para sa kalidad ng hangin o kaugnay ng klima na edukasyong agham
- Paggamit ng mga sensor ng hangin at bigyang kahulugan ang data para sa layunin ng edukasyon

Tinatanggap na ngayon ang mga aplikasyon at dapat i-upload nang elektroniko sa pagsapit ng 5 p.m. sa Enero 31, 2019.

Para matuto pa o para mag-apply, mangyaring pumunta sa [www.baaqmd.gov/communitygrants](http://www.baaqmd.gov/communitygrants). Para sa higit pang impormasyon, kontakin si Ana Vasudeo sa 415 749-8732 o [communitygrants@baaqmd.gov](mailto:communitygrants@baaqmd.gov).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

# # #

*Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan*  
*375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105*  
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)